# PIVOT EsPAPEL

*Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) Antas ng Pagpapahalaga, Ebalwasyon at Layon*

Pangalan: ___________________________ Antas/ Baitang: _____________ Puntos: ___________
Paaralan: ________________________ District / Cluster: ____________ Division: ______________

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC): Week: 1 at 2 Quarter: 3**

- Nakikilala ang pagkakaiba at pagkakaugnay ng birtud at pagpapahalaga
  a. Ang mga birtud at pagpapahalaga ay naisasabuhay at
  b. Ang mga tiyak na kilos nailalapat sa pagsasabuhay ng mga ito.
- Napapatunayan na ang paulit-ulit na pagsasabuhay ng mga mabuting gawi batay sa mga moral na pagpapahalaga ay patungo sa paghubog ng mga birtud (acquired values).

## Layunin

Sa araling ito, ang mga mag- aaral ay inaasahang:

1. Naipapamalas ng mag-aaralangpag-unawasa pagpapahalaga at birtud;
2. Naisasagawa ng mag-aaral ang pagsasabuhay ng mga pagpapahalaga at birtud na magpapaunlad ng kanyang buhay bilang nagdadalaga / nagbibinata; at
3. Napapatunayan na ang paulit-ulit na pagsasabuhay ng mga mabuting gawi batay sa mga moral na pagpapahalaga ay patungo sa paghubog ng mga birtud (acquired values).

## Panimula

**Basahin ang teksto:**

Sa bawat araw na dumaraan, ay lagi tayong pumipili. Patunay nito ay kung anung damit ang iyong isusuot, kung dadalo ka ba ng iyong online class o maglalaro na lamang ng Mobile legends. Sa ating mga pagpili, mahalagang mahasa an gating kakayahan na maging maingat bago isagawa ang anumang kilos. Sa araling ito, ay malalaman mo ang kahulugan ng Birtud, ang uri nito at ang gamit nito sa ating buhay.

Ang **BIRTUD o "VIRTUE"** ay galing sa salitang latin na virtus, na nangangahulugang pagiging tao, pagiging matatag at pagiging malakas.Ito ay hindi taglay ng tao sa kanyang kapanganakan. Ang Birtud ay hindi lamang kinagawiang kilos na pinagpasyahang gawin ayon sa tamang katwiran.

Ang Birtud ay bunga ng mahaba at mahirap na pagsasanay. Bilang tao ay kailangan nating makamit ang dalawang mahalagang kasanayan:

Una, ang pagpapaunlad ng kaalaman at karunungan na siyang gawain ng ating isip. Ito ay makakamit sa pamamagitan ng paghubog ng mga intelektwal na birtud.)Pangalawa, ang pagpapaunlad ng ating kakayahang gumawa ng mabuti at umiwas sa masama na siyang gawain ng ating kilos loob. Ito ay makakamit sa pamamagitan ng paghubog ng mga moral na birtud.

Mayroong dalawang uri ng Birtud. Ang **Intelekwal na birtud** ay may kinalaman sa isip ng tao. Ito ay tinatawag na gawi ng kaalaman (habit of knowledge).Maaari mong gamiting gabay ang mga sumusunod na pamamaraan. (a.)Paghahanap ng kaalaman upang makaalam tungo sa paggawa nang may kasanayan na magagawang perpekto lamang sa tulong ng pag-unawa(understanding), agham(science)karunungan(wisdom)

Ang **Intelekwal na birtud** ay mayroong apat na uri:

1.Pag-Unawa(Understanding) – Pinapangunahin sa lahat ng birtud na nakakapagpaunlad ng isip.Ito ay nasa buod(essence) ng lahat ng ating pag-iisip.Ang pag-uunawa ay kasingkahulugan ng isip.

2.Agham(Science)- sistemang kalipunan ng mga tiyak at tunay na kaalaman na bunga ng pagsasaliksik at pagpapatunay.

3.Karunungan(Wisdom) – Masasabi lamang na naaabot ang kaisipan ng tao kung ito ay naggamit sa paggabay ng birtud ng karunungan.

4.Maingat na paghuhusga(Prudence) **–** Uri ng kaalaman na ang layunin ay labas sa isip lamang ng tao. Taglay natin ito hindi lamang upang tayo ay makaalam kundi upang mailapat ang anumang nakalap na karunungan sa kilos. Ito ay may layuning sabihin sa ating sarili kung paano kumilos nang tama o wasto.

5.Sining(Art)-kung ang maingat na paghuhusga ay nagtuturo sa atin upang lumikha sa tamang pamamaraan. Ang sining ay ang paglikha, ito ay bunga ng katwiran.Ang sining ay maaaring gamitin sa paglikha ng anumang may ganda.

Samantala, ang **Moral na birtud** ay may kinalaman sa pag-uugali ng tao. Ito ay ang mga gawi na nagpapabuti sa tao. Ito rin ay mga gawi na nagtuturo sa atin na iayon ang ating ugali sa tamang katuwiran. Ang moral na birtud ay mayroong apat na uri:

1.Katarungan(Justice)– isang birtud na gumagamit ng kilos-loob upang ibigay sa tao ang nararapat lamang para sa kanya,sinuman o anuman ang kanyang katayuan sa lipunan.

2.Pagtitimpi (Temperance o Moderation)**-** Kinakailangang malakas ang pagtitimpi o kontrol sa sarili. Kung hindi ito mapagtatagumpayan ay mababalewala ang anumang pagsisikap na maging mabuti.

3.Katatagan (Fortitude)**–**ito ay ang birtud na nagpapatatag at nagpapatibay sa tao na harapin ang anumang pagsubok o panganib sa buhay.

4**.**Maingat na Paghuhusga (prudence) –tinuturing na ina ng mga birtud sapagkat ang pagsasabuhay ng isang birtud ay dumaan sa maingat na paghuhusga.


Ngayong alam mo na ang kahulugan at uri ng birtud, nawa ay ito ay bigyan mo ng halaga at maisabuhay.

*Reference: Edukasyon sa Pagpapahalaga(Pahina 163-198)*

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1** *Palaisipan/ Crossword Puzzle*

Panuto: Bilugan ang titik ng napiling sagot.

| PAHALANG | PABABA |
|---|---|
| 1. Ito ay salitang latin na ang ibig sabihin ay *Virtus.* | 2. Ito ay uri ng moral na pagpapahalaga na itinuturing na ina ng mga birtud sapagkat ang pagsasabuhay ng isang birtud ay dumaan sa maingat na pagpapasya. |
| 4. Uri ng birtud na may kinalaman sa pag-uugali ng tao. | 3. Uri ng birtud na may kinalaman sa isip ng tao. |
| 5. Uri ng moral na birtud na nagpapatatag at nagpapatibay sa tao na harapin ang anumang pagsubok o panganib sa buhay. | |




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

Panuto: Isulat ang **T** kung ang pahayag ay nagpapahayag ng tama at **M** naman kung ang pahayag ay mali.

________1. Ang birtud ay salitang Latin na ang ibig sabihin ay *virtus*.

________2. Ang birtud ay mayroong apat na uri. Ito ay katarungan, pagtitimpi, katatagan at maingat na paghuhusga.

________3. Ang intelektwal na birtud ay may kinalaman sa pag-iisip ng tao.

________4. Ang katarungan (justice) isang birtud na gumagamit ng kilos-loob upang ibigay sa tao ang nararapat lamang para sa kanya, sinuman o anuman ang kanyang katayuan sa lipunan.

________5. Sa pagtitimpi, kinakailangang malakas ang pagtitimpi o control sa sarili. Kung hindi ito mapagtatagumpayan ay mababalewala ang anumang pagsisikap na maging mabuti.

## Pagpapaunlad

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Isulat ang tamang sagot sa inyong sagutang papel.

_____1. Ano ang moral na birtud na gumagamit ng kilos-loob upang ibigay sa tao ang nararapat para sa kanya: sino man o ano man ang kanyang katayuan sa lipunan?

A. Karunungan B. Katarungan C. Kalayaan D. Katatagan

____ 2. Si Kryshna ay nagsisimula ng magdalaga, dumarating na ang pagkakataon na nagpapaalam siya sa kanyang magulang na gagabihin sa pag-uwi sa bahay dahil may ma proyektong kailangang gawin kasama ang kanyang mga kaklase. Kinausap ito nang mabuti ng kanyang magulang upang sabihin na papayagan ito ngunit kailangang makauwi sa itinakdang oras. Kapag hindi niya ito nagawa ay hindi na siya muling papayagan ng kanyang mga magulang. Anong mahalagang aral ang itinuturo sa kanya ng kanyang mga magulang?

A. Ang halaga ng pagsasabuhay ng mga birtud
B. Ang halaga ng pagtataglay ng moral na integridad
C. Tamang paggamit ng kanyang konsensya sa paghuhusga
D. Pag-unawa na ang kalayaan ay may kakambal na responsibilidad

_____ 3. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang hindi totoo tungkol sa birtud?

A. Ang birtud ay lagging nakaugnay sa pag-iisip at kilos ng tao.
B. Ang salitang birtud ay galling sa salitang Latin na virtus o vir.
C. Ang birtud ay natural lamang na taglay ng lahat ng nilikha ng Diyos.
D. Ang gawi ay bunga ng paulit-ulit na pagsasakilos na nakamit dahil sa pagsisikap.

______ 4. Sa paanong paraan nagkakaroon ng kaugnayan ang halaga at birtud?

A. May kaugnayan ang halaga at birtud dahil pareho lamang itong naghahangad ng kabutihan para sa tao.

B. Kung nakikita ng tao ng ang isang birtud ay may malaking tulong sa kanyang pagkatao pagyayamanin niyaito at papahalagahan.

C. Kung nakikita ng tao na ang isang bagay ay mahalaga tutukuyin niya anga ngkop na birtud na mas makapagpapayaman dito.

D. Matatawag lamang na mahalaga ang isang bagay kung ito ay ginagabayan ng lahat ng mga birtud.

_____ 5. Alin sa mga sumusunod ang may TAMANG pahayag patungkol sa Birtud?

A. Ang birtud ay bunga ng mabilisang pagpapasya at nakagawiang kilos

B. Ang birtud ay ang bunga ng paminsan-minsang gawain na hindi napapag-isipan.

C. Ang birtud ay kilos na pinagpasyahang gawin ayon sa tamang katwiran.

D. Ang birtud ay ang bunga ng mataas na emosyon.

# Pakikipagpalihan


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**

Panuto: Isulat ang uri ng birtud na tinutukoy sa bawat bilang kung ito ba ay Intelekwal o moral na birtud. Isulat sa parihaba ang inyong sagot.

1. Katatagan
2. Pag-Unawa
3. Sining
4. Agham
5. Katarungan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6**

Panuto: Kumpletuhin ang Concept Map sa ibaba. Sagutan ito sa iyong sagutang papel.



| Uri ng Intelekwal na Birtud | Uri ng Moral na Birtud |
|---|---|
| 1.__________________ | 1.__________________ |
| 2.__________________ | 2.__________________ |
| 3.__________________ | 3. __________________ |
| 4.__________________ | 4.__________________ |
| 5.__________________ | |

## Paglalapat

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7**

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na pahayag sa iyong sagutang papel.

1. Natutunan ko na ang Birtud ay __________________________________________.
2. Ang Birtud ay mayroong dalawang uri. Ang _______________ at _________________ na birtud.
3. Ang _______________, __________________, ______________, ____________, ____________ ay uri ng intelekwal na birtud.
4. Ang ___________, ___________, ___________, ___________ ay uri ng moral na birtud

## REPLEKSYON

A. Lagyan ng limang (5)☆(star) ang kahon sa ibaba kung nagawa mo nang maayos ang kahingian ng aralin, tatlo (3) kung katamtaman, at isa (1) kung nangangailangan ng karagdagang patnubay ng guro o magulang/ tagapangalaga.

B. Isulat sa patlang kung anong bahagi ng aralin ang nangangailangan ng karagdagang patnubay.

____________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________

**Link and Reference**

Edukasyon sa Pagpapakatao- Ikapitong Baitang, Kagamitan ng Mag-Aaral, Unang Edisyon,2013, Pahina 163-198